

Ang digital television (DTV) transition ay tumutukoy sa pangangailangan na ihintô ng lahat ng full-power television broadcast stations ang pagbro-broadcast sa analog format at ang pag-broadcast na lamang sa digital format pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009. Ang broadcast stations sa lahat ng U.S. markets ay kasalukuyang nagbro-broadcast sa kapwa analog at digital. Kung nahihirapan kang makakuha ng digital broadcast stations sa iyong lugar, ang troubleshooting guide na ito ay nagbibigay ng isang connections checklist at tips tungkol sa pagkuha ng digital signals.

Itsek ang Iyong mga Koneksyon

- Itsek na ang iyong digital-to-analog converter box (o digital television) ay nakakabit nang tama. Siguraduhing ang iyong antenna ay nakakabit sa antenna input ng iyong digital-to-analog converter box (o digital television). Kung gumagamit ng isang digital-to-analog converter box, siguraduhin din na ang antenna output ng iyong converter box ay nakakabit sa antenna input ng iyong analog TV. Tingnan ang owner's manuals ng iyong mga komponente kung hindi ka sigurado sa tamang pagkakabit.
- Siguraduhin na ang iyong mga komponente ay nakasaksak at na naka-on sila.
- Kung mayroon kang digital-to-analog converter box, ilagay ang iyong analog TV sa channel 3. Dapat ay mayroon kang makikitang set-up menu o picture na naka-display sa iyong TV screen. Kung wala kang nakikitang set-up menu o picture, ilagay ang iyong TV sa channel 4. Kung wala ka pa ring nakikitang set-up menu o picture, itsek muli ang iyong mga koneksyon.

Magsagawa ng isang Channel Scan

- Ang digital-to-analog converter boxes (at digital televisions) ay may button, na karaniwang nasa remote control, na may label na "set-up" o "menu" o ibang katulad na bagay. Pindutin ang button na iyon upang i-access ang set-up menu. Gamit ang directional arrow buttons sa iyong remote, mag-scroll sa opsyon na nagpapahintulot sa iyo na mag-"channel scan." Ang channel scan ay maghahanap ng digital broadcast channels na makukuha sa iyong lugar. Konsultahin ang owner's manual ng iyong digital-to-analog converter box (o digital television) para sa mga detalyadong tagubilin kung paano magsagawa ng isang channel scan para sa iyong device.
- Oras na nakompleto na ang channel scan, makakapag-tune in ka na sa digital channels na nakukuha ng iyong antenna. **Dapat kang magsagawa ng channel scan pana-panahon upang malaman kung may mga karagdagang digital channels na makukuha.**

I-adjust ang Iyong Antenna

- Ang mga maliliit na adjustment sa iyong antenna ay maaaring makagawa ng malaking pagkakaiba sa bilang ng digital channels na maaari mong matanggap. Kung mayroon kang indoor antenna, subukang itaas ito at ikilos nang mas malapit sa panlabas na dingding ng iyong bahay. Pagkatapos i-adjust ang iyong antenna, magsagawa ng panibagong channel scan upang malaman kung bumuti ang iyong reception.
- Habang ina-adjust ang iyong antenna, maaaring makatulong ang i-access ang "signal strength meter" sa iyong digital-to-analog converter box (o digital television) upang malaman kung pinahuhusay ng iyong mga adjustment ang lakas ng mga signal. Ang signal strength meter ay karaniwang nakukuha gamit ang menu feature sa iyong remote control. Tingnan ang owner's manual ng iyong device para sa mga detalyadong tagubilin kung paano i-access ang signal strength meter nito. Tandaang gumawa ng isa pang channel scan pagkatapos mong i-adjust ang iyong antenna.



- Ang television stations na nagbro-broadcast sa digital ay gumagamit ng kapwa VHF band (channel 2-13) at UHF band (channel 14-51). Maraming mga panloob na antenna ang gumagamit ng "rabbit ears" para sa VHF band at "loop" o "bow-tie" na antenna para sa UHF band. Siguraduhing gumagamit ka ng isang antenna na magagamit para sa kapwa VHF at UHF bands at siguraduhing nakonekta mo ito nang maayos.

Kung Hindi Pa Rin Maayos:

- Hanggang ika-17 ng Pebrero 2009, ang ilang mga istasyon ay magpapaandar sa mas mahinang power levels. Kung hindi ka nakakatanggap ng ilang mga digital TV stations, hindi ito nangangahulugan na mayroong problema sa iyong antenna o digital-to-analog converter box (o digital television). Makipag-alam sa TV station upang malaman kung sila ay may plinaplanong mga pagbabago na magpapahusay sa reception.
- Kapag ang signal ng analog TV ay mahina o nakakatanggap ng interference, madalas na makikita sa screen ang static, snow at distortion. Ang digital broadcasting ay magbibigay ng malinaw na picture; gayunman, kapag ang signal ay mas mababâ sa isang takdang kinakailangang lakas, ang picture ay maaaring mawala. Sa "cliff effect" na ito, kung ikaw ay nanonood ng analog TV stations na mayroong static at distortion, maaaring kailangan mong i-adjust o i-upgrade ang iyong antenna system.
- Ang mga simpleng antenna sa loob ng bahay ay nagbibigay ng mahinang performance na maaaring hindi angkop para sa iyong lugar. Kung hindi ka makakuha ng kasiya-siyang reception gamit ang iyong kasalukuyang antenna para sa loob ng bahay, maigi ang kumuha ng isang antenna para sa loob ng bahay na mayroong features upang bumuti ang reception ng UHF signal at/o isang amplifier upang palakasin ang nakukuhang signal (kadalasang tinatawag na active indoor antenna).
- Sa pangkalahatan, ang isang antenna para sa labas ng bahay ay nakakakuha ng mas mabuting reception kaysa sa antenna para sa loob ng bahay. Gayunman, ang kahusayan ng mga antenna para sa labas ng bahay ay maaaring mabawasan sa katagalan ng panahon dahil sa pagkalantad sa panahon. Kung ikaw ay nagkaka-problema, tingnan kung may hindi gaanong nakakabit o may agnas na wiring, mga sirang parte ng antenna, at kung ang antenna ay nakaturo sa tamang direksyon.
- Subukang panatilihin maikli ang wire sa pagitan ng iyong antenna at digital-to-analog converter box (o digital television) para sa pinakamainam na reception.
- Ang "splitters" na ginagamit upang ikabit ang isang antenna sa multiple digital-to-analog converter boxes (o digital televisions) ay nagbabawas sa dami ng signal na makukuha ng bawat device. Kung nagkaka-problema ka, tingnan kung ang reception ay huhusay kapag walang splitter. Sa ilang mga kaso, ang problema ay naaayos ng isang "active" splitter na mayroong amplifier.
- Kung ikaw ay malapit sa isang broadcast tower ng istasyon, ang reception ng istasyong iyon at ang reception ng ibang mga istasyon ay maring mahadlangan ng signal "overload". Pag-isipang gumamit ng isang "attenuator" o tanggalin ang mga amplifier upang pahasayin ang iyong reception.
- Kung nagpasiya kang palitan o i-upgrade ang iyong panloob o panlabas na antenna, maraming klaseng makukuha sa iba't-ibang presyo mula sa electronics retail stores. Ang mga website tulad ng www.antennaweb.org ay nagbibigay ng impormasyon sa mga lugar ng broadcast towers at sa mga uri ng antenna para sa labas ng bahay na angkop para sa mga istasyon na nais mong makuha. Kung kailangan mo ng tulong sa pag-upgrade ng iyong antenna system, makipag-alam sa nasa iyong lugar na nagtitinda o nag-iinstala ng antenna.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa DTV transition, magpunta sa www.dtv.gov o mag-email sa FCC sa dtvinfo@fcc.gov; pagtawag sa 1-888-CALL-FCC (1-888-225-5322) o sa 1-888-TELL-FCC (1-888-835-5322) TTY; pag-fax sa 1-866-418-0232; o kaya'y sumulat sa:

Federal Communications Commission
Consumer & Governmental Affairs Bureau
Consumer Inquiries and Complaints Division



445 12th Street, SW
Washington, DC 20554

###

Para dito o para sa anumang iba pang publikasyon para sa consumer na nasa madaling makuhang format (electronic ASCII text, Braille, large print, o audio) mangyaring sumulat o tumawag sa amin sa address o sa telepono na nasa ibabâ, o kaya'y magpadala ng e-mail sa FCC504@fcc.gov.

Ang dokumentong ito ay isinagawa upang magbigay-kaalaman lamang sa consumer at hindi upang maapektohan ang anumang proceeding o mga kaso na may kinalaman sa paksang ito o mga may kinalamang isyu.

9/23/08

